



Health Systems Quality Assurance

Form ng Reklamo sa Provider at Pasilidad ng Pangangalagang Pangkalusugan

Mga Tagubilin:

Pakibasa ang [mga madalas itanong](#) (FAQs) bago kumpletuhin ang form na ito. Mangyaring gamitin ang form na ito para maghain ng reklamo laban sa isang indibidwal na provider ng pangangalagang pangkalusugan, pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan, o ang hindi lisensiyadong pagsasagawa ng pangangalagang pangkalusugan. Ang provider o pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan ay dapat na may kredensiyal ng Washington state Department of Health, o nagsasagawa ng pangangalagang pangkalusugan sa loob ng estado ng Washington nang walang lisensiya. Maaari mong tingnan ang kredensiyal ng provider o pasilidad sa aming [webpage ng paghahanap ng kredensiyal ng provider at pag-verify ng lisensiya](#). Kung kailangan mo ng karagdagang tulong sa pagkumpleto ng form na ito, makipag-ugnayan sa AMIN sa 360-236-2620 o sa hsgacomplaintintake@doh.wa.gov

1. Seksiyon 1 - Mangyaring kumpletuhin ang seksiyong ito kung ikaw ay naghain ng reklamo laban sa isang indibidwal na provider ng pangangalagang pangkalusugan o sa hindi lisensiyadong pagsasanay ng isang propesyon sa pangangalagang pangkalusugan. Pakitandaan na ang administratibong kawani ng iyong provider ay maaaring hindi kailangang magkaroon ng kredensiyal sa aming ahensiya.
2. Seksiyon 2 - Mangyaring kumpletuhin ang seksiyong ito kung ikaw ay naghain ng reklamo laban sa isang pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan. Pakitingnan ang FAQs para sa listahan ng [mga pasilidad na kinokontrol namin](#), at para sa impormasyon tungkol sa [mga klinika](#) at mga pasilidad na kinokontrol ng [Department of Social and Health Services](#)
3. Seksiyon 3 - Mangyaring ibigay ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan. Kung inihahain mo ang reklamong ito sa ngalan ng isang negosyo o pasilidad, mangyaring ipahiwatig iyon sa seksiyong ito.
4. Seksiyon 4 - Mangyaring kumpletuhin ang seksiyong ito kung hindi ikaw ang pasyente.
5. Seksiyon 5 - Mangyaring kumpletuhin ang lahat ng tanong sa seksiyong ito sa abot ng iyong makakaya at nang may pinakamaraming detalye hangga't maaari upang suriin ng [awtoridad sa pagdidisiplina](#).

Mangyaring huwag magsumite ng maraming kopya ng iyong reklamo. Kapag nakumpleto na, mangyaring ibalik ang form sa pamamagitan ng isa sa mga sumusunod na koreo, email, o fax sa:

Koreo:

Health Systems Quality Assurance
Complaint Intake Unit
P.O. Box 47857
Olympia, WA 98504-7857

Email: hsgacomplaintintake@doh.wa.gov Kung isinumite sa pamamagitan ng email, mangyaring direktang magsumite ng reklamo sa AMIN bilang isang email o mga kalakip. Mangyaring huwag ipadala ang iyong reklamo sa pamamagitan ng mga serbisyo sa online na storage o mga secure na serbisyo sa email na nangangailangan ng mga kredensiyal sa pag-log in.

Fax: 360-236-2626

SEKSIYON 1 - Impormasyon sa Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan:

Kung naghain ka ng reklamo laban sa pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan, mangyaring magpatuloy sa seksiyon 2. Kung ang pasilidad ay [opisina ng doktor](#), [opisina ng provider](#), o [klinika](#), mangyaring kumpletuhin ang seksiyon 1 (ang seksiyong ito) at ibigay ang pangalan ng provider ng pangangalagang pangkalusugan.

Ano ang pangalan ng indibidwal na provider ng pangangalagang pangkalusugan na inirereklamo mo (kung naaangkop)?		
Pangalan:	Gitnang Pangalan:	Apelyido:
Anong uri ng provider ng pangangalagang pangkalusugan ito?		
Iba pa (pakitukoy):		
Address:		
Lungsod:	Estado:	ZIP Code:

SEKSIYON 2 - Impormasyon sa Pasilidad:

Kinokontrol lang namin ang mga uri ng pasilidad na nakalista sa dropdown list. Kung hindi nakalista ang uri ng pasilidad, mangyaring tumawag sa 360-236-2620. Maaari ka naming tulungan sa pagtukoy kung ang reklamo ay nasa indibidwal na provider o kung ang reklamo ay kailangang iulat sa ibang ahensiya. Kung gusto mong maghain ng reklamo laban sa isang pasilidad ng tinututlungang pamumuhay, tahanan para sa pamilyang adultoe, nursing home, o skilled nursing facility, at hindi laban sa isang indibidwal na provider na nagtatrabaho sa isa sa mga pasilidad na ito, mangyaring makipag-ugnayan sa [Department of Social and Health Services](#) sa 800-562-6078

Ano ang pangalan at address ng pasilidad na inirereklamo mo (kung naaangkop)? Mangyaring isama ang pisikal na address ng pasilidad, hindi isang mailing address o post office box.		
Pangalan:		
Uri ng Pasilidad :		
Address:		
<input type="checkbox"/> Ang address ay pareho sa seksiyon 1		
Lungsod:	Estado:	ZIP Code:
Ano ang iyong katayuan ng bilang empleyado sa pasilidad na ito? Markahan ang pinili sa ibaba. (Ang impormasyong ito ay gagamitin para sa panloob na layuning pang-administratibo lamang)		
<input type="checkbox"/> Hindi Kailanman isang Empleyado	<input type="checkbox"/> Dating Empleyado	<input type="checkbox"/> Kasalukuyang Empleyado

Sa pasilidad, sa anong departamento, yunit, numero ng silid, o palapag nangyari ang (mga) insidente o (mga) problema? Ano ang petsa ng pagpasok at petsa ng paglabas?	
Departamento:	Palapag:
Numero ng silid:	Yunit:
Petsa ng Pagpasok:	Petsa ng Paglabas:
Ang pasyente ba o kliyente ay nasa pasilidad pa rin o tumatanggap pa rin ng mga serbisyo?	
<input type="checkbox"/> Oo	<input type="checkbox"/> Hindi

Seksiyon 3 - Ang Iyong Impormasyon:

Mangyaring ibigay ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan para matiyak na maaaring mag-follow up sa iyo ang departamento tungkol sa iyong mga alalahanin. Kung ibibigay mo ang iyong pangalan, hindi ituturing na anonima ang iyong reklamo, kahit na humiling ka ng pagiging anonima. Kung nakatanggap kami ng reklamo na bahagyang nagpapakilala sa iyo, ituturing ka bilang isang hindi kilalang nagrereklamo. Maaaring hindi makatanggap ng follow-up mula sa departamento ang mga anonima at hindi kilalang nagrereklamo. Sa ilalim ng mga batas sa pampublikong rekord, hindi namin maaaring itago ang mga pangalan ng mga taong nagrereklamo maliban kung kuwalipikado sila para sa [“whistleblower exemption.”](#) Tinutukoy ng [ROW 43.70.075](#) at [WAC 246-15-010](#) ang iyong katayuan sa whistleblower exemption, hindi kinakailangan ang iyong kahilingan para sa exemption. Mangyaring suriin ang FAQs tungkol sa paghahain ng [anonimang reklamo](#) at kung aino ang kuwalipikado para sa [whistleblower exemption](#). Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa whistleblower exemption, maaaring kailanganin mong kumonsulta sa iyong abogado; hindi makapagbibigay ng legal na payo sa iyo ang departamento.

Ano ang iyong pangalan, mailing address, numero ng telepono, at email address?		
Pangalan:	Gitnang Pangalan:	Apelyido:
Address:		
Lungsod:	Estado:	ZIP Code:
Telepono: <input type="checkbox"/> Bahay <input type="checkbox"/> Cell <input type="checkbox"/> Trabaho		
Alternatibong Telepono: <input type="checkbox"/> Bahay <input type="checkbox"/> Cell <input type="checkbox"/> Trabaho <input type="checkbox"/> Fax		
Email:		
Inihahain mo ba ang reklamong ito sa ngalan ng isang negosyo o pasilidad <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi		
Kung oo, mangyaring ibigay ang pangalan ng negosyo o pasilidad:		
Kung ikaw ang pasyente, ano ang petsa ng iyong kapanganakan?		

SEKSIYON 4 - Impormasyon ng Pasyente:

Mangyaring kumpletuhin ang seksiyong ito kung ang impormasyon ng pasyente ay iba sa impormasyon sa seksiyon 3

Ano ang pangalan at petsa ng kapanganakan ng apektadong pasyente o kliyente?		
Pangalan:	Gitnang Pangalan:	Apelyido:
Petsa ng Kapanganakan:		

Ano ang iyong kaugnayan sa pasyente o kliyente?
<input type="checkbox"/> Magulang <input type="checkbox"/> Anak <input type="checkbox"/> Asawa <input type="checkbox"/> Kapatid <input type="checkbox"/> Kaibigan <input type="checkbox"/> Iba pa (Pakitukoy ang iba pa):

SEKSIYON 5 - Impormasyon sa Reklamo:

Mangyaring magbigay ng maraming [impormasyon](#) hangga't maaari tungkol sa mga pinaghihinalaang isyu na gusto mong iulat

Ano ang (mga) petsa at (mga) oras na nangyari ang (mga) insidente o (mga) problema?

Iniulat mo ba ito sa, o naghain ng reklamo o aksiyon sa, anumang ibang ahensiya o organisasyon? Kasama sa mga halimbawa ang pagpapatupad ng batas, Mga Serbisyo sa Pagprotekta sa Adulto, o mga propesyonal na lupon sa paglilisensiya? Kung gayon, aling mga ahensiya, kailan, at ano ang mga aksiyon o natuklasan?

Mangyaring ilarawan nang detalyado kung ano ang nangyari. (Kung kailangan mo ng karagdagang espasyo, mangyaring maglakip ng isang hiwalay na piraso ng papel.)

Mangyaring kumpletuhin at ibalik ang form ng reklamo sa pamamagitan ng koreo, fax o email sa address sa itaas.

Mangyaring magbigay ng maraming impormasyon hangga't maaari para masuri ng awtoridad sa pagdidisiplina. Kung mayroon kang mga karagdagang tanong tungkol sa proseso ng reklamo, makipag-ugnayan sa AMIN sa 360-236-2620.

Mangyaring isama ang sumusunod na impormasyon:

- (Mga) pangalan at propesyon ng indibidwal na (mga) provider ng pangangalagang pangkalusugan na nagbigay ng hindi pamantayang pangangalaga.
- (Mga) pangalan ng pasilidad kung saan nakatanggap ka ng hindi pamantayang pangangalaga.
- Ang pisikal na address ng pasilidad
- (Mga) petsa ng serbisyo
- Isang detalyadong paglalarawan ng (mga) kaganapan na gusto mong iulat
- Ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan - Pangalan, mailing address, at numero ng telepono.

Maaari ba akong magreklamo nang hindi sinasabi ang aking pangalan?

Ang mga reklamo na walang pangalan ng taong sangkot ay mahirap imbestigahan. Ang mga reklamo na inihain nang anonima ay hindi makakatanggap ng anumang follow-up mula sa departamento

Mayroon bang anumang proteksiyon para sa mga whistleblower?

Maaari kang maging kuwalipikado bilang whistleblower o para sa pagiging kumpidensiyal bilang whistleblower sa ilalim ng mga probisyon ng [RCW 43.70.075](#).

Ano ang proseso ng pagdidisiplina?

Kapag nakatanggap kami ng ulat tungkol sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan, sinusuri namin ito para magpasya kung ang pinaghihinalaang insidente o kaganapan ay isang paglabag sa batas, at kung mayroon kaming legal na awtoridad na kumilos. Kung hindi matugunan ang dalawang

kondisyong ito, isasara ang file nang walang imbestigasyon.

Kung matukoy namin na ang paratang ay maaaring isang paglabag, at may legal na awtoridad na kumilos, maaaring pahintulutan ng awtoridad sa pagdidisiplina ang isang imbestigasyon. Ang awtoridad sa pagdidisiplina ang namamahala sa bawat kaso sa buong proseso ng pagdidisiplina. Nakikipagtulungan kami sa mga imbestigador, abugado ng kawani, at Opisina ng Attorney General para matukoy ang mga paglabag at suriin ang ebidensiya. Kung hindi sinusuportahan ng ebidensiya ang isang paglabag, isasara namin ang reklamo.

Kung may makikita kaming mga paglabag, ihaharap ang kaso sa isang panel ng mga miyembro mula sa departamento, lupon o komisyon para sa pag-apruba na posibleng kikilos. Ang mga pamamaraan para sa reklamo at proseso ng pagdidisiplina ay inilarawan sa Administrative Procedure Act sa ilalim ng Kabanata [34.05 RCW](#) at ang [Uniform Disciplinary Act](#).

Ang mga parusa na maaaring ipataw laban sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan ay inilarawan sa Uniform Disciplinary Act sa ilalim [RCW 18.130.160](#). Kasama sa mga aksiyon ang, ngunit hindi limitado sa mga multa, pagpapayo, muling pagsasanay, mga limitasyon sa pagsasagawa, o pagsususpende sa pagsasagawa. Parehong may pananagutan ang departamento at ang mga lupon at komisyon na tiyaking protektado ang publiko at pangalawa ay ang rehabilitasyon ng provider.

Ang mga file ng pagdidisiplina ay mga pampublikong rekord. Gayunpaman, ang batas sa pampublikong rekord ay nagsasaad na ang ilang mga rekord ay hindi ilalabas.

Anong impormasyon ang dapat kong isama sa aking reklamo?

Maaari mong isama ang anumang impormasyon sa iyong reklamo na sa tingin mo ay kinakailangan. Sa pinakamababa, kailangan naming malaman:

- Kung sino ang inireklamo.
- Kung ano ang iyong mga partikular na paratang tungkol sa provider o pasilidad.

Kung pinahihintulutan ng awtoridad sa pagdidisiplina ang imbestigasyon, maaaring humiling ang aming mga imbestigador ng karagdagang impormasyon mula sa iyo at sa provider ng pangangalagang pangkalusugan.

Kung maghahain ako ng reklamo laban sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan at magreresulta ito sa aksiyong pandisiplina, anong uri ng kabayaran ang maaari kong makuha mula sa lupon, komisyon, departamento, o indibidwal?

Sa ilalim ng ilang limitadong pagkakataon, maaari naming hilingin sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan na i-refund ang mga bayarin na nakolekta mula sa konsumer. Gayunpaman, wala kaming hurisdiksiyon sa mga usapin ng kabayaran sa malpractice. Iyan ay dapat hangarin sa korte sibil.

Anong mga uri ng pasilidad ang kinokontrol o sinisiyasat ng departamento?

- Mga sentro ng operasyon ng ambulatory
- Mga Ahensiya ng Kalusugan ng Pag-uugali
- Mga sentro ng kapanganakan ng mga bata
- Mga tahanan ng pangangalaga ng grupo ng mga bata
- Mga ahensiya ng pangangalaga sa tahanan, mga ahensiya ng kalusugan sa tahanan
- Mga ahensiya ng hospisyo, mga sentro ng pangangalaga sa hospisyo
- Mga ospital
- Mga hotel at motel
- Mga klinikal na laboratoryo-mga lugar ng medikal na pagsusuri
- Pansamantalang pabahay ng manggagawa/migranteng manggagawang bukid
- Sa pamamagitan ng kasunduan, ilang bahagi ng mga bilangguan ng Department of Corrections (hindi lungsod, county, o pederal na bilangguan) (hal., mga klinika sa kalusugan, parmasya)
- Mga pasilidad ng residensiyal na paggamot
- Mga klinikang pangkalusugan sa kanayunan

- Mga serbisyo sa parmasya ng mental na ospital sa Silangan at Kanlurang Estado. Ang mga ulat na kinasasangkutan ng mga pasilidad na ito ay maaaring ipasa sa Centers for Medicare and Medicaid Services para sa pagsusuri.
- Mga paaralan ng estado para sa may kapansanan sa pandinig at paningin

Sino ang mga gumagawa ng desisyon?

Pinahihintulutan ng lehislatura ang kalihim ng Department of Health, at 14 na lupon at komisyon, na disiplinahin ang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan na lumalabag sa batas. Ang mga lupon at komisyon ay nakikipagtulungan sa departamento upang bumuo ng mga proseso para sa pagtanggap, pagsisiyasat, at pagtukoy ng naaangkop na disiplina para sa mga paglabag. Ang aksiyon ay maaari lamang gawin laban sa mga provider at pasilidad, na kinakailangang maging lisensiyado, sertipikado, o nakarehistro sa departamento.

Gusto kong maghain ng reklamo laban sa opisina o klinika ng doktor o dentista. Kanino ako makikipag-ugnayan?

Kadalasan, hindi kailangang lisensiyado ang mga klinika o opisina ng provider. Mayroon kaming awtoridad sa mga indibidwal na provider kung sila ay lisensiyado o gumaganap ng isang trabaho na nangangailangan ng lisensiya. Wala kaming awtoridad sa mga miyembro ng administratibong kawani tulad ng mga receptionist o mga tagapamahala ng opisina.

Gusto kong maghain ng reklamo laban sa isang tahanan para sa pamilyang adulto, nursing home, o pasilidad ng tinututlungang pamumuhay. Kanino ako makikipag-ugnayan?

Ang ilang mga pasilidad, gaya ng mga nursing home at mga pasilidad ng tinututlungang pamumuhay, ay kinokontrol ng [Department of Social and Health Services](#) (DSHS). Maaari kang maghain ng reklamo sa DSHS sa pamamagitan ng pagtawag sa 800-562-6078. Kung ang isang indibidwal na provider na nagtatrabaho sa isa sa mga pasilidad na ito ay lisensiyado ng aming ahensiya o gumaganap ng trabaho na nangangailangan ng lisensiya mula sa aming

ahensiya, maaari kang maghain ng reklamo laban sa taong iyon.

Kailangan ko bang maging pasyente para makapaghain ng reklamo?

Ang sinumang may kaalaman sa hindi propesyonal na pag-uugali ng isang provider ng pangangalagang pangkalusugan ay maaaring maghain ng ulat.

Anong aksiyon ang maaaring gawin ng departamento laban sa isang provider?

Ang awtoridad sa pagdidisiplina ay limitado sa paggawa ng aksiyon laban sa kredensiyal ng isang provider ng pangangalagang pangkalusugan para maiwasan ang pinsala sa pasyente. (Tingnan ang Proseso ng Pagdidisiplina sa itaas.)

Sinabi sa akin ng aking mga provider ng pangangalagang pangkalusugan na ayaw na nila akong maging pasyente. Puwede ba nilang gawin iyon?

Kung wala kang matinding problema kung saan mapanganib sa iyong kalusugan ang kakulangan ng agarang follow-up, maaaring wakasan ng mga provider ng pangangalagang pangkalusugan ang ugnayan. Ang isang pagbubukod ay hindi maaaring tanggihan ng isang ospital ang sinumang makakuha ng emerhensiyang pangangalaga. Dapat, sa pinakamababa, tasahin ng ospital ang lahat ng dumarating sa departamento ng emerhensiya at kung hindi nito maibigay ang mismong kinakailangang pangangalaga, dapat dalhin ang pasyente sa isang ospital na makapagbibigay ng kinakailangang pangangalaga.

Maaari bang tanggihan ng isang provider ng pangangalagang pangkalusugan na bigyan ako ng mga kopya ng aking mga medikal na rekord dahil sa hindi pa nabayaran balanse?

Ang isang provider ay maaaring maningil ng bayad sa pagkopya, gaya ng itinakda sa batas o panuntunan, bago ilabas ang mga rekord, ngunit maaaring hindi magpigil ng mga rekord dahil sa hindi pa nabayaran balanse sa iyong account.

Paano ko malalaman kung paano umuusad ang aking reklamo?

Hindi ibibigay ang mga detalye ng isang kasalukuyang imbestigasyon, pero puwede kang tumawag para makatanggap ng update sa pangkalahatang katayuan ng iyong reklamo. Gayunpaman, pakitandaan na dahil sa mga legal at medikal na isyu na kasangkot, ang proseso ng pagdidisiplina ay maaaring mahaba, kaya nagpapasalamat kami sa iyong pasensiya.

Gaano katagal bago malutas ang aking reklamo?

Magkakaiba ang tagal depende sa uri ng reklamo at sa pagiging kumplikado ng kaso. Kailangan ang pasensiya kapag may kinalaman sa maraming legal at isyu sa kalusugan na kasangkot. Ang mga kaso ay maaaring tumagal nang ilang mga linggo o, sa ilang mga kaso, hanggang dalawang taon.

Paano ako makakakuha ng mga kopya ng mga file tungkol sa mga ulat o aksiyong pandisiplina mula sa departamento?

Maaaring humiling ng kopya ng file ang sinuman. Para magawa ito, maaari kang magsumite ng isang kahilingan sa pamamagitan ng sulat sa Public Disclosure Unit. Para sa mga rekord na 50 pahina o higit pa, naniningil kami ng 15 sentimo bawat pahina. Susuriin ang file at anumang impormasyong eksempeto ay itatago o hindi isasama alinsunod sa Public Records Act sa ilalim ng [Kabanata 42.56 RCW](#).

Public Disclosure Unit
P.O. Box 47865
Olympia, WA 98504
Fax: 360-586-2171
pdrc@doh.wa.gov

Anong bahagi ang gagawin ko pagkatapos maghain ng reklamo?

Maaaring hilingin sa iyo ang karagdagang impormasyon, sa pamamagitan man ng sulat o pakikipanayam. Maaaring hilingin sa iyo na lumagda sa isang form ng paglabas upang talikuran ang iyong karapatan sa pagiging kumpidensiyal para sa imbestigasyon ng iyong

reklamo. Maaaring hilingin sa iyo na tumestigo kung kailangan ang pormal na pagdinig.

Ano ang isang paglabag?

Ang mga paglabag para sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan ay kinabibilangan, ngunit hindi limitado sa, ng mga sumusunod:

- Mental o pisikal na kondisyon: Ang kondisyong ito ay nagsasangkot ng mental o pisikal na kawalan ng kakayahan ng isang provider ng pangangalagang pangkalusugan na magsanay nang may makatwirang kasanayan at kaligtasan ([RCW 18.130.170](#)).
- Hindi propesyonal na pag-uugali: Ito ay isang terminong ginagamit upang ilarawan ang pag-uugali, kilos, o kondisyon na itinuturing ng batas na hindi propesyonal sa estadong ito ([RCW 18.130.180](#)).
- Pagsasagawa nang walang lisensiya: Nalalapat ang kategoryang ito sa anumang pangyayari na kinasasangkutan ng isang tao o pasilidad na nagsasagawa ng pangangalagang pangkalusugan pero walang wastong kredensiyal sa Washington ([RCW 18.130.190](#)).

Ano ang mga halimbawa ng mga bagay na hindi maaaring gawin ng departamento, mga lupon, at mga komisyon?

- Pangasiwaan ang isang hindi pagkakaunawaan sa bayad sa pagitan mo at ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan, o ibalik ang pera na sa tingin mo ay dapat bayaran sa iyo.
- Disiplinahin ang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan na hindi kinakailangan na kontrolin ng departamento.
- Lutasin ang mga tanong tungkol sa kabayaran sa kapansanan o reimbursement ng insurance.
- Lutasin ang mga isyu na kinasasangkutan ng kabastusan ng mga provider ng pangangalagang pangkalusugan o kanilang mga kawani.
- Lutasin ang mga isyung may kinalaman sa mga pagakkamali sa pag-type, maling katotohanan, o hindi pagkakaunawaan.

- Magbigay ng legal na payo o tulong sa iyo. Kabilang dito ang, ngunit hindi limitado sa:
 - Whistleblower exemption
 - Tulungan kang maghain ng kaso laban sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan
 - Magpayo tungkol sa isang demanda laban sa iyo ng isang provider ng pangangalagang pangkalusugan
 - Pagrekomenda ng isang abugado
 - Pag-usapan ang mga merito ng iyong reklamo bago mo ito ihain. Dapat suriin ng awtoridad sa pagdidisiplina ang iyong reklamo para mapagpasyahan ang mga merito nito.

Ang aking provider ng pangangalagang pangkalusugan ay bastos. May magagawa ba ako tungkol dito?

Ang kabastusan ay hindi isang paglabag sa batas. Gayunpaman, ang mga pagkilos na nanlilinlang, nakakapinsala, o may sekuswal na katangian ay itinuturing na hindi propesyonal na pag-uugali at dapat iulat sa departamento. Kung hindi ka lang komportable sa iyong provider, ang isa pang opsyon ay maaaring maghanap ng isa na mas angkop para sa iyo.

Mayroon bang limitasyon sa oras para maghain ng reklamo?

Wala. Walang limitasyon sa oras ng batas para maghain ng reklamo; gayunpaman, posibleng hindi maaksiyunan ang isang kaso dahil hindi na available ang impormasyong kailangan para makagawa ng desisyon. Pinakamainam na magulat sa lalong madaling panahon upang makuha ang mga rekord at mahanap ang mga potensiyal na saksi. Magandang ideya na gumawa ng nakasulat na tala ng mga pangyayari pagkatapos ng karanasan para hindi makalimutan ang mga katotohanan. Kapag nagsusumite ng reklamo, maging tiyak hangga't maaari sa mga katotohanan at petsa.

Kanino ako makikipag-ugnayan kung hindi ako sumasang-ayon sa aking billing statement?

Makipag-ugnayan sa provider ng pangangalagang pangkalusugan. Hindi

pinangangasiwaan ng departamento, mga lupon, at mga komisyon ang mga hindi pagkakaunawaan sa pagsingil maliban kung lumilitaw na sangkot ang pandaraya. Maaaring gusto mong makipag-ugnayan sa Opisina ng Attorney General.

[Washington State Attorney General Consumer Protection Division](#)

800 Fifth Ave., Suite 2000
Seattle, WA 98104
Telepono: 800-551-4636

Kanino ako makikipag-ugnayan kung mayroon akong reklamo tungkol sa aking kompanya ng insurance na pangkalusugan?

Makipag-ugnayan sa Washington State Office of the Insurance Commissioner

[Washington State Office of the Insurance Commissioner](#)

P.O. Box 40255
Olympia, WA 98504
Telepono: 800-562-6900

Gusto kong kumuha ng insurance na pangkalusugan. Kanino ako makikipag-ugnayan?

Makipag-ugnayan sa

- [Health Care Authority](#) sa 800-562-3022 para [Apple Health](#).
- [Department of Social and Health Services](#) sa 877-501-2232 para sa classic Medicaid
- [Washington Health Plan Finder](#) sa 855-9234633.